Tagalog

# Pamplet ng Tungkol Hinaharap na Career ng mga Bata na Nagsasalita ng Banyagang Wika.



Hiroshima Prefectural Board of Education

# Talaan ng Nilalaman


**Kadalasan na mga Career Pagkatapos ng Junior High School** • • • • • • • **1**

**Pagbigay-payo Tungkol sa Career sa Junior High School** • • • • • • • • • **2**

**Nilalaman ng Pampublikong Pagsusulit sa High School at Paano Kunin Ito (para sa mga magaaral na papasok sa 2026)** • • • • • • • • • • • • • • • **3**

**Pagpili para sa mga Internasyonal na Mag-aaral, atbp.** • • • • • • • • • • **4**


**Asignatura ng Academic Achievement Tests para sa Pagpili ng mga Internasyonal na Mag-aaral** • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • **5**

**Komento mula sa mga Nakatatandang mga Mag-aaral** • • • • • • • • • **6, 7**

**Sistema Upang Mabawasan ang Papasanin ng Matrikula (pang-panalaping tulong para sa mga nais mag-aral sa high school)** • • • • • • • • • • • • • **8**

○ **Kadalasan na mga Career Pagkatapos ng Junior High School**

Tulad ng nakasaad sa sumusunod, maaring maghanap ng trabaho o kaya magpatuloy sa mas mataas na edukasyon pagkatapos ng junior high school sa Japan.




- Sa kadalasan, ay kailangang sumailalim sa academic achievement tests ang mga mag-aaral upang makakuha ng trabaho o makapag-aral pagkatapos makapagtapos ng junior high school.

- Magtutulangan ang mga mag-aaral at kanilang mga magulang sa kanilang paaralan ng junior high school upang makahanap ng trabaho o kaya ay magpatuloy sa mas mataas na edukasyon. Maaring ipadaan sa paaralan ng junior high school ang mga kailangang mga papeles para sa paghahanap ng trabaho o kaya sa pagpapatuloy sa mas mataas na edukasyon. Gawing magkonsulta sa inyong paaralan ng junior high school tungkol sa hinaharap na career.


○ **Pagbigay-payo Tungkol sa Career sa Junior High School**

(1) Pagkakataon upang makakuha ng impormasyon sa mga maaaring career

Pagkatapos ng junior high school ay maaring makakuha ng impormasyon tungkol sa pagpapatuloy ng career mula sa iba-ibang paraan ng pagkakaloob.

Halimbawa 1

Mga pamphlet at newsletter tungkol sa career



Halimbawa 2

Oryentasyon para sa career



Halimbawa 3

Oryentasyon na isinasagawa ng mga paaralan ng high school.




(2) Mga pagkakataon upang makapagkonsulta tungkol sa career

Maaring magkonsulta sa paaralan ng junior high school ukol sa mga career pagkatapos ng junior high school. Maaring magpaganap ang mga paaralan ng mga pagtitipon upang makapag-usap ang mga mag-aaral, mga magulang at mga guro tungkol sa mga maaaring pangkinabukasang career.

**○ Nilalaman ng Pampublikong Pagsusulit sa High School at Paano Kunin ito (para sa mga mag-aaral na papasok sa 2026)**

Dumaan sa mga sumusunod na pagsusulit kung nais niyong magpatuloy sa pampublikong high school pagkatapos ng junior high school (full-day course, evening course, flex course).

**Paunang pagpili**
**(Pebrero 25 - Pebrero 27)**

[Nilalaman ng pagsusulit]
○ Academic achievement tests
○ Pagpapahayag ng sarili
○ Independiente na pagsusulit ng paaralan
Depende sa paaralan ay maari silang magpaganap ng kanilang sariling independiente na pagsusulit mula sa pagbibigay ng interbyu, praktikal na pagsusulit, mga tanong na gawa ng bawat paaralan, o kaya ay pagpasulat ng sanaysay.

[Pagpapasiya ng papasang aplikante]
○ Ang pagpili ng mga aplikante ay nakabatay sa komprehensibong paghuhusga sa mga resulta ng academic achievement tests, palatanungan, at pagpapahayag ng sarili (bilang karagdagan sa independiente na pagsusulit ng paaralan).

**Ikalawang yugto ng pagpili**
Gaganapin ito kapag hindi naabot ang takdang bilang ng mga papasok na magaaral.
Marso 17
※ Gaganapin ang pagpili nara sa Flex course sa Marso 23

[Nilalaman ng pagsusulit]
○ Pagpapahayag ng sarili
(○ Independiente na pagsusulit ng paaralan)

[Pagpapasiya ng pipiliing aplikante]
○ Ang mga resulta ng palatanungan at pagpapahayag ng sarili (bilang karagdagan sa independiente na pagsusulit ng paaralan) ay komprehensibong huhusgahan upang piliin ang mga papasa na aplikante.

※ Kunin ang susunod na pagsusulit kung nais niyong pumasok sa correspondence course.

[Nilalaman ng pagsusulit]
○ Pagpapahayag ng sarili
(○ Independiente na pagsusulit ng paaralan)

[Pagpapasiya ng papasang aplikante]
○ Ang mga resulta ng palatanungan at pagpapahayag ng sarili (bilang karagdagan sa independiente na pagsusulit ng paaralan) ay komprehensibong huhusgahan upang piliin ang mga papasa na aplikante.

○ **Pagpili para sa mga Internasyonal na Mag-aaral, atbp.**

<Full-day course>

Ang “Espesyal na Pagtanggap sa mga Balikbayan at Internasyonal na Mag-aaral” ay gaganapin sa parehong araw sa paunang pagpili.

[Takdang dami ng mag-aaral]

2 mag-aaral bawat highschool

[Nilalaman ng pagsusulit]

○ Academic achievement tests sa 3 asignatura (pambansang wika, matematiko, ingles)

○ Pagsulat ng Sanaysay / Interbyu

○ Pagpapahayag ng sarili

(○ Independiente na pagsusulit ng paaralan)

[Mga naangkop sa pagsusulit na ito]

Maaring kumuha ng pagsusulit ang mga tutugma sa mga sumusunod.

○ Mga taong may banyagang nasyonalidad

○ Mga nagtapos sa junior high school sa Japan o magtatapos ng junior high school sa Marso

○ Bilang pangkalahatang tuntunin, mga tao na hindi pa lumalampas ng 6 na taon ang pananatili sa Japan.

<Evening course at flex course>

Maaring kunin ang pagsusulit para sa paunang pagpili sa mula sa sumusunod na paraan.

[Nilalaman ng pagsusulit]

○ Academic achievement tests sa 3 asignatura (pambansang wika, matematiko, ingles)

○ Pagsulat ng Sanaysay / Interbyu

○ Pagpapahayag ng sarili

(○ Independiente na pagsusulit ng paaralan)

[Mga naangkop sa pagsusulit na ito]

Maaring kumuha ng pagsusulit ang mga tutugma sa mga sumusunod.

○ Mga taong may banyagang nasyonalidad

○ Mga nagtapos sa junior high school sa Japan o magtatapos ng junior high school sa Marso

○ Bilang pangkalahatang tuntunin, mga tao na hindi pa lumalampas ng 6 na taon ang pananatili sa Japan.

**○ Asignatura ng Academic Achievement Tests para sa Pagpili ng mga Internasyonal na Mag-aaral**

| | | | Academic achievement tests | | | | | Tala |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Pambansang Wika | Aralin Panlipunan | Matematika | Agham | Ingles | |
| ○Full-day course | High School (maliban sa mga high school na escalator school) | Paunang pagpili | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | |
| | | Pagpili sa espesyal na pagpasok ng mga balikbayan at internasyonal na mag-aaral. | ◎ | (Pagsusulat ng sanaysay) | ◎ | (Interbyu) | ◎ | ※1 |
| | Escalator school (high school) | Paunang pagpili | ◎ | △ | ◎ | △ | ◎ | ※2 |
| | | Pagpili sa espesyal na pagpasok ng mga balikbayan at internasyonal na mag-aaral. | ◎ | (Pagsusulat ng sanaysay) | ◎ | (Interbyu) | ◎ | ※1 |
| ○Evening course<br>○Flex course | | Paunang pagpili | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | |
| | | Paunang pagpili (aplikasyon sa espesyal na programa para sa mga internasyonal na mag-aaral) | ◎ | (Pagsusulat ng sanaysay) | ◎ | (Interbyu) | ◎ | ※1 |

※1 Pareho ang mga katanungan sa pagsusulit ng Academic achievement tests sa paunang pagpili. Isasaad mga ruby na titik (gabay sa pagbasa ng mga titik ng kanji) sa pinalaking papel para sa pagsusulit. Magpapasulat ng sanaysay at pagbibigay ng interbyu bilang kapalit ng pagsusulit tungkol sa araling panlipunan at agham.

※2 Ang mga tanong para sa pambansang wika, matematika, at ingles ay gawa ng bawat paaralan. Depende sa paaralan, maaaring magdagdag ng pangkalahatang academic achievement tests para sa araling panlipunan at agham.

※ Ang karamihan na paaralan ng high school ay binubuksan ang kanilang paaralan para sa mga bumimisita upang magbigay ng karagdagang impormasyon sa kanilang high school. Ang mga iskedyul para sa mga magbubukas na paaralan, atbp. ay idadagdag sa website ng bawat high school.

○ **Komento mula sa mga Nakakatandang Mag-aaral**

1. Mga dahilan sa pagpili ng kasalukuyang high school
2. Bakit magandang desisyon ang pagpili dito
3. Mensahe para sa mga nakababatang mag-aaral

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Full-day course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | Ang pinapasukan ko na high school ay isang paaralan magagandang ang mga tanawin. Nagtapos din ang ate ko ng high school sa Japan at nagawang makapagtrabaho sa ninais niyang kompanya. Naisipan ko na piliin ang aking kasalukuyang paaralan pagkatapos ko marinig ang iba-ibang kuwento ng aking ate tungkol sa mga paaralan sa Japan. |
| 2 | Madaling makausap ang aking mga kamag-aral dahil maliit lang ang high school namin. Natututo ako dahil ang mga pag-uusap namin ay nasa Hapones. |
| 3 | Mahirap masanay sa high school sa Japan sa simula. Pero ang importante lang ay iwasang mataranta at gawin lanmang ang mga bagay para masunod ang mga inaasa mula sa iyo. |

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Full-day course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | Napag-isipan kong mag-aral ng Hapones sa high school. Maliit lang ang high school na pinapasukan kaya madaling maka-usap sa ibang mag-aaral. Pinili ko itong high school na ito dahil marami akong pagkakataon na makipag-usap ng Hapones. |
| 2 | Maganda ang mga kapaligiran ng aking paaralan at maraming masayang gawing-aralin na magagawa sa paaralan. Dahil maliit lang ang paaralan, mabibigyan ka ng gabay ng mga guro sa mga bagay na nahihirapan ka sa iyong mga aralin. |
| 3 | ・Napakabait ng mga guro at ng mga mag-aaral dito sa high school na ito. Kaya masaya ang buhay ko sa high school. Subukan niyo din na pumasok dito. |

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Evening course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | ・ Pinili ko ang paaralan na ito dahil inirekomenda sa akin ito ng kamag-anak ko na dito din nagtapos. |
| 2 | ・ Sa pagpasok sa isang kulturang iba kaysa sa akin, ay nagawa ko matuto tungkol sa kultura ng Japan at nagawa ko din magkaroon ng mabuting mga pakikisama sa mga Hapones.<br>・ Maaari din matuto tungkol sa tamang pagpapalakas ng katawan. Ang mga natutunan ko mula dito ay magagamit ko sa buong buhay ko. |
| 3 | ・ Makinig ng maigi sa mga sasabihin sa inyo ng inyong mga guro mula junior high school.<br>・ Pag-isipang mabuti kung ano ang iyong kailangang gawin para sa inyong kinabukuasan. |

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Evening course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | ・ Hindi ako masyado marunong mag hapones kaya pinli ko ang paaralan na ito upang mas lalong matutunan ang wika na ito. Naisip ko din na makakasali ako sa club nais ko na club. |
| 2 | ・ Maari ka matuto kung paano maglaro ng badminton mula sa club.<br>・ Maaring manumit ng nais mo suotin dahil walang tinatalagang uniporme sa paaralan na ito. |
| 3 | ・ 2:55 p.m. hanggang 9:15 p.m. ang oras ng pag-pasok kaya hindi kailangan gumising ng masydong maaga.<br>・ Ang mga banyagang mag-aaral na hindi gaano marunong mag hapones ay maaring sumali sa klase (isang kurso sa wikang hapones simula sa taong ito) ayon sa kanilang kaalaman sa wikang ito. |

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Evening course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | ・ Pinili ko ang paaralan na ito dahil nabalitaan ko kahit sa loob ng Higashi Hiroshima ay mataas ang kalidad ng pagturo at mga aktibidad ng club dito. |
| 2 | ・ Mabait ang mga guro at estudyante ng High School. Lagi nila ako kinakausap o kaya ay sinasagot ang mga tanong ko. Napakadaling intindihin ang mga aralin, at magaling magturo ang mga guro.<br>・ Napakasaya na madalas makapag-ensayo sa badminton club. |
| 3 | ・ Maaring matuto ng iba't-ibang kaalaman ang mga internasyonal na mag-aaral ng junior high school na ito.<br>・ Galingan natin sa pagpurisigi sa pag-aaral at pakikipag-usap sa wikang hapones. |

Nagsimula pumasok sa Abril 2021 Evening course, general studies

| | |
|---|---|
| 1 | ・ Wala akong kumpiyansa sa aking kakayahan sa hapones, kaya pinili ko ang evening course, na may mas kaunting oras sa pag-aaral (mga klase) bawat araw at hindi gaano mahigpit sa mga aralin. |
| 2 | ・ Pinili ko pumasok sa evening course dahil hindi ako masyado gigipitin sa pag-aaral at maraming oras para sa aking sarili.<br>・ Nagamit ko ng maigi ang aking libreng oras upang sumali sa badminton club, pagbutihin ang aking kaalaman at kakayahan sa badminton, at magawang magsikap na lumahok sa pambansang paligsahan.<br>Madaling makasundo ang mga nakaktandang mag-aaral at pati na din ang ibang miyembro ng badminton club. |
| 3 | ・ Maraming pagkakataon para pagisipan ang iyong karera.<br>・ Marami din mga maaring mgaing kaibigan mula sa iba't ibang bansa.<br>・ Magagawa mo maghanap ng iyong nais na trabaho habang nagaaral.<br>・ Naghanda ako para sa pagsisiyasat sa pagpasok ng high school gawa ng pag-aaral ng matematika at ingles pati na din ang pagsasanay sa pagsagot ng interbyu at pagsusulat ng sanaysay. |

○ **Sistema Upang Mabawasan ang Papasanin ng Matrikula (pang-panalaping tulong para sa mga nais mag-aral sa high school)**
URL：https://www.pref.hiroshima.lg.jp/site/kyouiku09/sienseido-t.html